

Gawaing Bahay: Mga Obligasyon ng Amo



Ako ba ay isang Amo?

Sa California, ang lahat ng mga manggagawa ay itinuturing na mga empleyado maliban nalamang kung kayang patunayan ng tao o grupo na nag bigay sa kanila ng trabaho na hindi sila kasapi sa listahan ng mga na-employo doon.

May maraming mga kadahilanan na isinasalang-alang sa ilalim ng batas, ngunit ang pangunahing kailangang ipako sa pagiisip ay:

- Ikaw ba ang nag-arkila sa manggagawa?
- Ikaw ba ang nagpapasahod sa manggagawa?
- Ikaw ba ang gumagawa ng talakdaan ng trabaho?
- Ikaw ba ang nagtakda ng presyo ng pasahod?

Ikaw ba ang nagsasabi sa manggagawa kung papano niya kailangan gawain ang kanyang trabaho?

Kung “oo” ang isinagot mo sa ANUMAN sa mga katanungang ito, ikaw ay ang itinuturing na maypagawa o employer sa ilalim ng batas ng California.

Sa ilalim ng batas sa California, puwedeng tumayong maypagawa o employer ang higit sa isang nilalang o grupo ng nilalang bilang isang katawan. Kung kaya naman, kahit na gumamit kayo ng isang ahensiya upang magarkila ng isang manggagawa, puwede ka pa rin isaalang-alang na kaduktong sa maypagawa kung isinagawa mo - kahit na hindi tuwiran – ang anumang pamamahala sa mga oras ng trabaho ng isang manggagawa, pasahod, o kung papaano ginagawa ng isang manggagawa ang kanilang trabaho.

Hindi pupuwedeng uriin ang isang manggagawa bilang isang kontratistang malaya nang dahil lamang sa:



Pagiging pansamantala ng manggagawa.



Salapi ang ibinabayad sa manggagawa.



Ang manggawa ay bibigyan ng 1099 tax form.



Sumangayon ang manggagawa na maging kontratistang malaya.

Mga Obligasyon sa Panahon ng Pagarkila

1. Nakasulat na paunawa para sa Sahod

Sa panahon ng pagarkila, kailangan mong magbigay ng kasulatang namamatnubay na gumagamit ng pormal na pakikipagusap sa iyong mga tagapagalaga na nagpapaloob ng mga impormasyong ito:

- a. Magkano ang ibabayad mong pasahod sa kanila (ang kanilang kabayaran ng suweldo).
- b. Kung babayaran mo sila ayon sa oras, palitan, araw, linggo, o sahod.
- c. Kailan mo sila binabayaran.
- d. Ang inyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono.
- e. Yung impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga tagapagdala ng kasiguruhan para sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Karamihan sa mga patakaran para sa mga may-ari ng bahay ay kaagad na sumasaklaw sa ilang bilang na kompensasyon para sa mga manggagawa. Dapat mong makipagusap sa iyong kompanya na nagdadala ng kasiguruhan ukol sa kung ano ang saklaw ng inyong mga empleyado para sa serbisyong pambahay at kung kinakailangan ninyong magdagdag ng isang prubiso para sa kompensasyon ng mga manggagawa sa inyong polisya.*

Halimbawang Paunawa: https://www.dir.ca.gov/dlse/LC_2810.5_Notice.pdf

2. Mga Pormularyo para sa Buwis at Imigrasyon

[Topic No. 756 Employment Taxes for Household Employees | Internal Revenue Service \(irs.gov\)](#)

https://edd.ca.gov/en/payroll_taxes/Household_Employer

Ang IRS pati na rin ang Departamento ng Pagpapaunlad ng Trabaho sa California ay mayroong gabay ukol sa pagbabayad ng buwis pang empleyo para sa mga empleyadong pang bahay. Kinakailangan mong magbayad ng buwis kung nagbabayad ka ng particular na halaga sa loob ng kada apat na buwan ng isang kalendaryo para sa iyong empleyado para sa serbisyong pang bahay. Maaari kang umarkila ng isang kumpanyang magsasagawa ng inyong pabayad o isang accountant pang pangasiwaan ang mga buwis at pabayad para sa iyong tagapagalaga. Kailangan mong punan o ibigay sa empleyado ang mga sumusunod na pormularyo.

➔ Iulat ang Manggagawang Pangbahay: DE1 HW

https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de1hw.pdf

Kinakailangan mong irehistro ang iyong Manggagawa para sa Gawaing Pambahay sa ilalim ng California Employment Development Department o EDD sa loob ng 15 araw pagkatapos mong bayaran ang nabubuwisang bilang na sahod. Sa sandaling magparehistro ka, bibigyan ka ng EDD ng mga abiso at polyeto upang ibigay ang mga ito sa inyong empleyado tulad ng kasiguruhan ng estado para sa pagkaroon ng kapansanan at bayad para sa pagaaruga sa kapamilyang may sakit o kapansanan (kung naabot na ang halaga ng bilang ng sahod na sasailalim sa mga buwis na ito).

➔ **Mga Polyeto para sa Kinakaltas na Buwis para sa mga Empleyado**

W4 (Federal): <https://www.irs.gov/forms-pubs/about-form-w-4>

DE-4 (State): https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de4.pdf

Kinakailangan mong magbayad ng buwis na pang pederal at pang estado lalo na kung nasasakop ang lugar ng pagtatrabaho sa mga nabubuwisang bilang na sahod. Ang mga pormularyo para sa W4 at DE4 ang magbibigay-daan upang matukoy kung magkano ang mga buwis na kailangang ikaltas mula sa suweldo ng iyong tagapag-alaga.

➔ **Pormularyong I-9: Pagpapatunay ng Pagiging Karapat-Dapat sa Pagka-empleyo:**

<https://www.uscis.gov/i-9>

Kailangan mong ipapatunay na ang kada bagong empleyado ay may legal na karapatang magtrabaho sa loob ng Estados Unidos kundi mapapatawan ka ng multang sibil. Hindi ka maaaring humiling ng karagdagan o naiibang dokumento, tanggihan ang mga makatwirang tunay na dokumento o humiling ng iba pang dokumento kaysa sa nakalista sa pormularyong I-9. Labag sa batas ang magpakita ng kaibhan o maghiganti sa mga nilalang base sa kanilang pinanggalingang nasyon, kapanganakan, o katayuan ng kanilang imigrasyon.

Mga Obligasyon ng isang Maypagawa Habang Nakapasok sa kanila ang isang Manggagawa

- ✓ **Magbayad ng Pinakamaliit na Pasahod para sa lahat ng oras na ititrabaho.**
https://www.dir.ca.gov/dlse/FAQ_MinimumWage.htm
Siguraduhing suriin kung ang iyong lungsod ay mas mataas na pabayad para sa pinakamaliit na suweldo. Dapat na bayaran mo ang pinakamataas na kabayaran.
Kung meron kang mga empleyadong naninirahan kung saan sila nagtatrabaho, puwede kang kumuha ng kredito para sa pagpapatira at pagpapakain kung may mga tiyak na kundisyong nakikita.
- ✓ **Magbayad ng Pabayad para sa Overtime:**
Kung ano man ang obligasyon ng mga empleyado para magovertime at nakadepende sa kung sino ang nagarkila sa manggagawa at kung anong trabaho ang ginagawa nila.
- ✓ **Set Regular Paydays: At least twice a month.**
Magtakda ng Mga Regular na Araw ng Pabayad: Hindi bababa sa dalawang beses sa isang buwan.
- ✓ **Magbigay ng Pabayad para sa Pagpahinga dahil sa Pagkakasakit:** sa kada 30 oras na itinrabaho, ang isang manggagawa ay makakakuha ng 1 oras para sa pabayad para sa pagpahinga ng dahil sa pagkakasakit. Maaari mong bigyan ng limitasyon ang paggamit nito sa 3 araw o 24 oras sa loob ng isang taon ng kalendaryo.
- ✓ **Magkaroon ng Kasiguruhan para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa:** karamihan sa mga mayari ng bahay o mga patakaran ng nangungupahan ay nagbibigay ng saklaw para sa mga empleyadong nagseserbisyong pang bahay.
- ✓ **Pag-iingat ng talaan:** Ang pinakamahasay na kasanayan ay ang pagtago ng mga talaan ng mga aktwal na oras na tinrabaho, mga oras na ginamit sa pagpahinga dahil sa pagkakasakit, kabuuang sahod na binayad sa bawat isang araw ng suweldo. Panatilihin ang mga talaan nang hindi bababa sa 4 na taon.

Kontrata sa Pagempleyo

Bagama't hindi iniiaatas ng batas, pinakamabuting kasanayan ang pumasok sa isang kasulatang nagbibigay kasunduan sa pagtatrabaho sa gitna ninyo ng iyong tagapagalaga. Dapat pumasok sa isang kontrata bago magsimula ang anumang trabaho at baguhin kung may anumang makabuluhang pagbabago sa relasyon sa pagtatrabaho.

- Kahit papaano, dapat na kasama sa kontrata ang mga sumusunod:
- Mga halaga ng pasahod
- Talaan ng oras sa trabaho, oras ng pahinga habang nasa trabaho, at ang kabuuan ng mga oras na itinrabaho.
- Mga tungkulin: Maging particular.
- Mga benepisyo, kung meron man.
- Habang kontrata o pananalita ukol sa pagkukusang pagtanggap ng trabaho: Sa pangkalahatan, karamihan sa mga kontrata sa pagtatrabaho ay ayon sa kusang pagtanggap ng trabaho, ang ibig-sabihin nito ay ang pagtanggap na maaaring wakasan ng isang maypagawa o ng isang empleyado ang relasyon sa pagkaempleyo sa anumang panahon. Kung gusto mo ng ibang klaseng kontrata, pwede kang magdagdag ng pakiusap na abiso o kaya salita na nagsasabi kung gaano kahaba ang katagalan ng isang kontrata.

Sample contract: <https://domesticemployers.org/resource/attendant-care-employment-contract/>



GOLDEN GATE UNIVERSITY

SCHOOL OF LAW
WOMEN'S EMPLOYMENT RIGHTS CLINIC

www.ggu.edu/law/werc

360° Caregiving Rights Toolkit*

*Funding for this project was provided by Metta Fund

Metta Fund